# Paghahanda para sa Ikalawang Pagparito

## Tumayo sa mga banal na lugar

Basahin ang mga sumusunod na scripture reference at pahayag, at alamin ang mga paraan na mapipili nating tumayo sa mga banal na lugar.

Mga Awit 24:3–4; Isaias 58:13; Helaman 5:12; 3 Nephi 18:24; Doktrina at mga Tipan 27:15; 115:5–6

Ipinaliwanag ni Sister Ann M. Dibb ng Young Women General Presidency:




Ipinayo ni Pangulong Ezra Taft Benson, "Kabilang sa mga banal na lugar ang ating mga templo, chapel, tahanan, at stake ng Sion, na . . . 'isang tanggulan, at isang kanlungan' [Doktrina at mga Tipan 115:6]" ["Prepare Yourself for the Great Day of the Lord," *New Era*, Mayo 1982, 50]. Bukod pa rito, naniniwala ako na bawat isa sa atin ay makakahanap ng marami pang lugar. Maaaring isipin muna natin ang salitang *lugar* bilang pisikal na kapaligiran o lugar sa mapa. Gayunman, ang isang *lugar* ay maaaring "isang malinaw na kundisyon, posisyon o pananaw" [Merriam-Webster Online, "place," merriam-webster.com/dictionary/place]. Ibig sabihin maaari ding kabilang sa mga banal na lugar ang mga *di-malilimutang sandali*—mga sandali na nagpapatotoo sa atin ang Espiritu Santo, [mga sandali na] nadama natin ang pagmamahal ng Ama sa Langit, o kapag tumatanggap tayo ng sagot sa ating mga panalangin. Higit pa rito, naniniwala ako na kapag malakas ang inyong loob na manindigan sa tama, lalo na sa mga sitwasyon kung saan walang ibang gustong gumawa nito, lumilikha kayo ng banal na lugar. (Ann M. Dibb, "Ang Inyong mga Banal na Lugar," *Liahona*, Mayo 2013, 115)

## Tanggapin ang Espiritu Santo bilang ating patnubay

Basahin ang mga sumusunod na scripture reference at pahayag, at alamin ang mga paraan na mapapasaatin ang Banal na Espiritu bilang ating patnubay.

Mga Kawikaan 3:5–6; Mga Awit 118:8–9; 1 Nephi 4:6; 2 Nephi 32:5; Moroni 10:5; Doktrina at mga Tipan 11:12–14

Itinuro ni Pangulong Dallin H. Oaks ng Unang Panguluhan:



Paano natin tinatanggap ang Banal na Espiritu bilang ating patnubay? Dapat tayong magsisi sa ating mga kasalanan linggu-linggo at magpanibago ng ating mga tipan sa pamamagitan ng pakikibahagi ng sakramento nang may malinis na mga kamay at dalisay na puso, tulad ng ipinagagawa sa atin [tingnan sa Doktrina at mga Tipan 59:8–9, 12]. Sa ganitong paraan lang natin matatamo ang banal na pangako na "sa tuwina ay mapasa[atin] ang Kanyang Espiritu" [Doktrina at mga Tipan 20:77]. . . .

. . . Lagi nating dapat gawin ang mga bagay na kailangan para mapanatili ang Espiritung iyon. [Dapat tayong] sumunod sa mga kautusan, manalangin para sa gabay, at dumalo sa Simbahan at makibahagi ng sakramento tuwing Linggo. At kailanma'y huwag tayong gagawa ng anumang bagay na magpapalayo sa Espiritung iyan. Iwasan natin, lalo na, ang pornograpiya, alak, sigarilyo at droga, at lagi–lagi nang iwasang labagin ang batas ng kalinisang-puri. (Dallin H. Oaks, "Huwag Palinlang," *Liahona*, Nob. 2004, 46)

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2024 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_183-1